

# GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art* (Literature) para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Itim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series 2021* ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun (House of Storytelling)*. Ilalabas ng Aklat Alamid ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog*.

*Kon sa Diin Ko Luyag kag mga Binalaybay kang Aga | Kung Saan Ko Nais at mga Tula ng Umaga: Apat na Tula sa Kinaray-a na may Salin sa Filipino*  
*Genevieve L. Asenjo*

## **Kon sa Diin Ko Luyag**

Wara't rulubngan dyang pagtangis.

Nabilin sa mga hardin sa probinsiya ang mga bogambilya  
parehas kang mga hilamon sa mga dalan nga indi pa  
mabalikan:

naka-kuwarantina man ang mga eroplano kag barko.

Amo nga nagtatap ako kang hardin sa sulod kang kuwarto  
rugya sa siyudad; rulubngan kang kasubo, sangka paghanas  
sa pagpalangga

sa kaugalingon bangod wara run it kaput, wara run it hakus,  
wara run it haruk.

Wara it gamay nga kaisug.

Nagapanangis ako para sa mga la'yong nga sanga,  
sa nagadurunot nga mga dahon. Wara it gamay nga  
kamatayon.

Ginapatawad ko ang mga tanum nga wara nagapamulak;  
ginasalbar

nanda ako sa mga balita kang mga agà nga kamatayon.

Pero wara rugya ang binalaybay.

Luyag ko kadya nga mapuksi dya,

basi pa lang,

sa liwan naton nga pagkitaay.

## **KUNG SAAN KO NAIS**

Walang hukay itong pagluluksa.

Naiwan sa mga hardin sa probinsiya ang mga bogambilya tulad ng mga damo sa mga daang hindi pa mababalikan: nakakuwarantina rin ang mga eroplano at barko.

Kaya nag-alaga ako ng hardin sa loob ng kuwarto rito sa siyudad;

libingan ng lungkot, isang pagsasanay sa pagmamahal sa sarili

dahil wala nang hawak, wala nang haplos, wala nang halik.

Walang maliit na tapang.

Ipinagluluksa ko ang mga tuyong tangkay, ang mga nalalagas na dahon. Walang maliit na kamatayan.

Pinapatawad ko ang mga pasòng hindi namumulaklak; sinasalba nila ako

sa mga balita ng maagang kamatayan.

Ngunit wala rito ang tula.

Ninanais ko ito ngayong mapitas,

baka sakali,

sa muli nating pagkikita.